# Hindi titingin ang lalaki sa kahubaran ng lalaki, ni ang babae sa kahubaran ng babae. Hindi tatabi ang lalaki sa lalaki sa iisang kumot, ni tatabi ang babae sa babae sa iisang kumot.

Ayon kay Abū Sa`īd, malugod si Allah sa kanya: Ang Sugo ni Allah, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, ay nagsabi: "Hindi titingin ang lalaki sa kahubaran ng lalaki, ni ang babae sa kahubaran ng babae. Hindi tatabi ang lalaki sa lalaki sa iisang kumot, ni tatabi ang babae sa babae sa iisang kumot."
[Tumpak.] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim.]

Hindi titingin ang babae sa kahubaran ng babae. Ito ay pagbabawal para sa babae na tumingin sa kahubaran ng tinitingnang babae. Kung sakaling naitakdang may isang babaing nalantad ang kahubaran niya dahil sa isang pangangailangan, gaya ng kung sakaling inilantad niya ang kahubaran niya sa babaing manggamot para magpagamot at sinasamahan siya ng babaing kapatid niya, hindi ipinahihintulot dito na tumingin sa kahubaran ng kapatid nito. O kung sakaling nalantad ito dahil sa hangin o iba ba, tunay na ang ibang babae ay hindi titingin sa anumang nasa pagitan ng pusod at tuhod. Gayon din ang masasabi para sa lalaki: hindi titingin ang lalaki sa kahubaran ng lalaki, na nasa pagitan ng pusod nito at tuhod nito. Kaya kung sakaling nalantad ang kahubaran ng lalaki dahil sa pangangailangan o nang hindi sinasadya, hindi ipinahihintulot sa mga ibang lalaki ang tumingin sa kahubaran niya. Kaya kung biglang natuon ang tingin ng lalaki sa kahubaran ng kapwa niya, kinakailangang ibaling ang tingin niya at hindi patagalin ito. Ang "Hindi tatabi ang lalaki sa lalaki sa iisang kumot, ni tatabi ang babae sa babae sa iisang kumot" ay nangangahulugang hindi didiit ang balat ng isa sa kanila sa balat ng isa pa habang mga nakahubad sa iisang kumot sapagkat tunay sa pagkakadiit ng isa't-isa ay may pagsaling sa kahubaran ng bawat isa sa kanila sa kasama niya. Ang pagsaling dito ay gaya ng pagtingin dito, bagkus ito ay higit na matindi sa pagbabawal at higit na mariin. Ang masasabi sa panig ng lalaki ay masasabi sa panig ng babae batay sa teksto. Ikmāl Al-Mu`allim Sharḥ Muslim 2/188 at Sharḥ Riyāḍ As-Ṣāliḥīn 6/364-365.

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY

لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC
E-Da'wah Committee